



## Mission Branch Renovation Update

[Español](#) [中文](#) [Tagalog](#)

Ang pagsasaayos ng [Aklatan ng Mission Branch](#) (Mission Branch Library) ay naghahatid ng mga bagong oportunidad sa pangangasiwa ng mga pampublikong sining sa Komisyon ng Sining ng San Francisco (San Francisco Arts Commission). Lakip sa mga oportunidad na ito ang pagsasaayos at paglilipat ng mga umiiral na likhang-sining at ang bagong oportunidad na hatid para sa mga pampublikong sining sa naturang lugar.

Ang “Egypt’s Contribution to European Civilization”, “Quetzalcoatl: Deity of Knowledge & Culture”, at “Wen Ch’ang: Chinese Deity of Literature”, tatlong pampublikong likhang-sining ni Emmanuel Catarino Montoya, ay kasamang isasaayos, ililipat, at itatanghal sa bagong silid pangkomunidad.

Kasama rin sa oportunidad na hatid para sa mga pampublikong sining ay ang reutilisasyon ng isang arkong bintana sa ikalawang palapag ng pangunahing hagdanan. Dahil ang bintana ay nakalinya sa bagong lugar,

paakyat mula sa mababang palapag, at dahil ang bintana ay hindi na naghahatid ng liwanag gaya noon, ito ay nakitang oportunidad upang paglagyan ng kapansin-pansing likhang-sining. Ang piling pampublikong sining ay magiging salaming-sining na mayroong ilaw na pumupuno sa espasyong nakapalibot sa kuwadro ng bintana. Mangangalap ng mga artista ang Komisyon ng Sining mula sa lawas ng mga Pre-Kuwalipikadong Aplikante.

**Inaanyahan ka naming makiisa sa gawaing ito!**

- Sagutan ang sarbey na ito at ipaalam mo sa amin ang iyong mga naiisip tungkol sa oportunidad na hatid para sa mga pampublikong sining
- Magpadala ng tugon at opinyon mula sa mga mungkahi ng mga artista
- Dumalo sa mga panel at pang-komiteng pulong na bukas sa publiko
- Lumahok sa pagrerebyu at/o oryentasyon kasama ang mga artista
- Ipaalam sa komunidad kung paano sila makalalahok!

Ang inyong mga mungkahi ay tiyak na makaaambag sa ikatatacgumpay ng pagtatayo ng mga pampublikong sining.

Para malaman ang mas maraming impormasyon tungkol sa proyektong ito o sa kung paano ka makikiisa, kontakin lamang si Aleta Lee, Tagapangasiwa ng mga Proyektong Pampublikong Sining ng Aklatan ng Mission Branch (Public Art Project Manager of the Mission Branch Library) sa

[Aleta.Lee@sfgov.org](mailto:Aleta.Lee@sfgov.org).

**Talatanungan (Sarbey):**

Sa pamamagitan ng mga Pangkomunidad na Pulong ng Aklatan ng Mission Branch, nalaman naming mayroong pagnanais para maikonekta ang sining sa Mission at para mailapit sa kontribusyon ng mga Latino. Sa pagpapatuloy natin sa proyektong ito, nais naming likumin ang inyong mga saloobin tungkol sa oportunidad na ihahatid sa mga pampublikong sining. Malugod naming tinatanggap ang inyong opinyon sa sarbey na ito. Maraming salamat sa paglalaan ng oras!

---